Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
BAYAN NG SANTA CRUZ

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-19 NG ENERO, 2000, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:30 NG UMAGA.

DUMALO:

Kgg. Jeffrey A. Villaseñor ....... Kagawad
Gumanap na Tagapangulo
Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. ....... Kagawad
Kgg. Florencio C. Odejar .......... Kagawad
Kgg. Ricardo B. Ramirez ........... Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison ............. Kagawad
Kgg. Louie C. de Leon ............. Kagawad
Kgg. Ariel T. Magcalas ............ Kagawad
Kgg. Edgardo T. Porca ............. Kagawad
Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan. Kagawad

DI-DUMALO:

KGG. HEIDI S. CIRIACO ............ PANG. PUNONG BAYAN
nasa lakad opisyal
Kgg. Angelito U. Limjuco .......... Kagawad

### KAPASIYAHAN BLG. 017 -T'2000

KAPASIYAHANG MAPITAGANG HUMIHILING SA KGG. RODOLFO S. SAN LUIS, KINATAWAN NG IKAAPAT NA DISTRITO NG LAGUNA NA MAPAGKALOOBAN ANG PAMAHALAANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA NG HALAGANG LIMANG MILYONG PISO (P5,000,000.00) PARA SA PAGPAPAGAWA AT PAGSASAAYOS NG GUSALI NG TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN AT PAMAHALAANG BAYAN.

**SAPAGKA'T,** bilang kapital na bayan sa Lalawigan ng Laguna, nangangailangan ng maayos na tanggapan ng Sangguniang Bayan upang mabigyang-lugar ang pagtanggap sa dumaraming bilang ng mga kababayang nangangailangan ng paglilingkod ng nabanggit na tanggapan;

**SAPAGKA'T,** lubhang maliit at masikip ang nasabing tanggapan para sa pagtanggap ng mga panauhin at pag-ookupa ng mga tauhan nito na nagsasagawa ng mga gawain at tungkuling panglehislasyon;

**SAPAGKA'T,** walang sapat na pondo ang pamahalaang bayan upang maipagawa at maipaayos ang gusali ng Tanggapan ng Sangguniang Bayan at pamahalaang bayan.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon, na pinangalawahan at sinang-ayunan ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHAN:** Na mapitagang humiling sa Kgg. Rodolfo S. San Luis, Kinatawan ng Ikaapat na Distrito ng Laguna, na mapagkalooban ang pamahalaang bayan ng Santa Cruz, Laguna ng halagang P5,000,000.00 para sa pagpapagawa at pagsasaayos ng Gusali ng Tanggapan ng Sangguniang Bayan at Pamahalaang Bayan.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Rodolfo S. San Luis, Kinatawan ng Ikaapat na Distrito ng Laguna, Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman at Pambayang Pinuno sa Pagpaplano at Pagpapaunlad, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Ssangguniang Bayan

**NAGPATUTOO:**

JEFFREY A. VILLASENOR
Kagawad
Gumanap na Tagapangulo

PINAGTIBAY:

DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan